

ANNEX 2: Mga tagubilin para sa Tagapangulo ng Pagpupulong ng Grupo ng Tulong sa Sarili (60 minuto)

1. Ipakilala ang sarili (1 minuto).

- Magandang umaga/hapon. Ako po ay si _____ at ako ay isang adik.
- Maligayang pagdating sa pagpupulong ng Narkotiko Anonimo dito sa _____.

2. Ipakikilala ng lahat ng mga miyembro ang kanilang sarili (2 minuto).

- Magandang umaga/hapon. Ako po ay si _____ at ako ay isang adik.

3. Basahin ang dasal para sa Kahinahunan (1 minuto).

- Maari ba tayong magkaroon ng isang sandali ng katahimikan at sundan ang Dasal para sa Kahinahunan?

Panginoon, kalooban Mo po ako ng kapayapaang tanggapin ang mga bagay na hindi ko kayang baguhin, tapang na baguhin ang mga bagay na kaya ko, at ang dunong na malaman ang pagkakaiba.

4. Hilingin sa mga miyembro na basahin nang malakas ang mga sumusunod na mga polyeto na nasa kit (5 minuto).

- Sino ang Adik?
- Ano ang Programa ng N.A.?
- Bakit tayo Naririto?
- Paano Ito Magagawa
- Ang Labindalawang Tradisyon ng N.A.

5. Ipaliwanag ang mga prinsipyo at panuntunan ng pagpupulong (2 minuto).

- Bago kami magsimula may mga ilang bagay kaming hinihiling:
 - Mangyaring bigyan ang speaker ng paggalang katulad ng paggalang na nais mong makuha kung at kapag nagkaroon ka ng pagkakataon na magsalita sa isang pulong;
 - Kilalanin ang kanyang damdamin at hindi ihambing ang kanyang kuwento sa inyong kuwento. Maaaring magkaiba kayo ng paggamit ngunit ang mga damdamin ay pareho.
 - Mahalaga din na panatilihin ang “atmosphere of recovery.” Matapos ang pagbabahagi ng speaker, bubuksan namin ang pagpupulong para sa inyo upang magkaroon kayo ng pagkakataon na malayang magbahagi.

6. Basahin ang isa sa mga labindalawang hakbang/tradisyon (12 Steps) na napiling paksa ngayon (1 minuto).

7. Payagan ang mga miyembro na ibahagi ang kanilang mga kwento at kaisipan na may kaugnayan sa paksa ngayon (45 minuto).

8. Kapag natapos ang oras, hilingin sa mga miyembro na basahin nang malakas ang mga sumusunod na mga polyeto na nasa kit (2 minuto).

- Tayo ay Gumagaling
- Para sa araw na ito

9. Isara ang pulong sa Dasal para sa Kahinahunan (1 minuto).

- Maari ba tayong magkaroon ng isang sandali ng katahimikan at sundan ang Dasal para sa Kahinahunan?

Panginoon, kalooban Mo po ako ng kapayapaang tanggapin ang mga bagay na hindi ko kayang baguhin, tapang na baguhin ang mga bagay na kaya ko, at ang dunong na malaman ang pagkakaiba.